Tagalog

**DEPARTAMENTO NG EDUKASYON NG HAWAII**
**ESSA Kuwalipikadong Guro ng Hawaii**
**Halimbawa ng Pabatid sa Karapatan ng Magulang na Humingi ng Mga Kuwalipikasyon ng Guro**
**Taong Paaralan 2018-2019**

Mahal Naming Mga Magulang at Mga Tagapag-alaga:

Ang Batas Tungkol Sa Pagtatagumpay ng Bawat Mag-aaral o Every Student Succeeds Act (ESSA) ay ibinibigay sa mga magulang o mga tagapag-alaga ng mag-aaral na nasa pag-aaruga ng Departamento ng Edukasyon ng Hawaii (HIDOE) ang karapatan na malaman ang kuwalipikasyong pangprosesyonal ng guro/mga guro at kung ang kanilang anak ay pinagsisilbihan ng mga di-lisensiyadong guro, at kung mayroon man, ang kanilang mga kuwalipikasyon. Ikaw ay pinahihintulutan ng batas pederal na malaman ang ilang bagay tungkol sa guro/mga guro at di/mga di-lisensiyadong mga guro at inihahabilin sa amin na ibigay ang impormasyong ito sa inyo sa pinakamadaling panahon kung ito'y iyong kinakailangan.

Karapatan mong malaman ang kasagutan sa mga katanungan sa ibaba tungkol sa guro/mga guro ng inyong anak.

1. Kung ang guro ay kuwalipikado ayon sa isinasaad ng Estado o may lisensiya para sa pagtuturo sa mga antas na tinuturuan at mga asignatura na kanyang itinuturo.

2. Kung ang guro ay nagtuturo dahil pansamantalang kailangan ang kanyang serbisyo o ano pa man ang kadahilanan ng temporaryo nitong pagtuturo at ang mga kuwalipikasyon na isinasaad ng Estado o ang lisensiya sa pagtuturo ay isinantabi muna.

3. Kung ang guro ay nagtuturo sa larang na siya ay dalubhasa ayon sa sertipikasyon niya bilang guro.

4. Kung mayroon mang mga katulong ng guro o kaparis nitong mga di-lisensiyadong guro na nagbibigay-serbisyo sa inyong anak, ano ang kanilang mga kuwalipikasyon.

Kung gusto po ninyong makatanggap ng alin man sa mga impormasyong ito, maaari po ninyong tawagan ang opisina ng ating paaralan.

Mahalo,

Prinsipal ng Paaralan